



ANG AMING PANGAKO SA INYO

Sa Seattle City Light at Seattle Public Utilities, ang aming pangunahing layunin ay panatilihin kayong nasisiyahan, ang aming pinahalagahang kostumer. Bilang mga pampublikong taga bigay ng serbisyo, nangangako kaming ibibigay sa inyo ang pinakamahusay na serbisyong posible. Ganito kung papaano:

Nangangako kami sa pagbibigay sa inyo ng tumpak at napapanahong pagsingil, mga serbisyo, at suporta.

Nangangako kaming bibigyan kayo ng mga tumpak na bayarin, mga opsyon sa pagbabayad, at tulong kapag kailangan ninyo ito. Nag-aalok kami ng patas na suportang pinansyal at ang mga sumusunod na serbisyo:

- Mayroon kaming mga plano sa pagbabayad at pagsasaayos upang matugunan ang inyong mga pangangailangan.
- Nagbibigay kami ng Nakabadyet na Pagsingil sa mga residenteng kostumer ng City Light. Maaari kayong magbayad ng parehong halaga bawat buwan upang mas mahusay na pamahalaan ang inyong mga gastos.
- Mayroon kaming paraan para maireklamo ninyo ang inyong Seattle Public Utilities na bayarin o Seattle City Light na bayarin.

Nangangako kami na tulungan kayong pamahalaan at bawasan ang inyong mga gastos sa utility.

Nandito kami para tulungan kayong makatipid sa inyong mga bayarin habang isinusulong ang pangangalaga sa kapaligiran. Nag-aalok kami ng mga serbisyong ito upang masuportahang kayong:

- Nag-aalok kami ng Utility Discount Program para sa mga residenteng kostumer na kwalipikado sa kita. Maaari kayong makakuha ng mga diskwento sa inyong mga bayarin sa hinaharap.
- Nagbibigay kami ng mga programang pang-emerhensiyang tulong sa mga residenteng kostumer na kwalipikado sa kita. Makakakuha kayo ng agarang tulong para bawasan ang inyong balanseng lumaggas na.
- Nag-aalok kami ng mga solusyon sa mahusay na paggamit sa enerhiya at mga paraan upang bawasan ang paggamit ng tubig. Maaari kayong tumulong na protektahan ang kapaligiran at babaan ang mga gastos sa utility.

Nangangako kami sa pagbibigay sa inyo ng mabilis at maaasahang serbisyo sa kustomer.

Gusto namin gawing madali para sa inyo na makakuha ng mga sagot tungkol sa inyong mga serbisyong pang utility - online, nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng pagsulat. Ang aming mga kinatawan ay may kaalaman at magalang. Maari ninyong asahan na tutulungan nila kayo sa pamamagitan ng mga sumusunod na serbisyo:

- Nagbibigay kami ng Website ng Mga Serbisyo sa Utility para sa inyong pagmamahala ng impormasyon ng iyong account. Maaari kayong magbayad ng mga bayarin, simulan o ihinto ang serbisyo, at makahanap ng mga nakakatulong na impormasyon.
- Mayroon kaming mga kinatawan para sa serbisyo sa kostumer na matatawagan sa (206) 684-3000 tuwing mga karaniwang araw mula 7:30 ng umaga hanggang 6:00 ng gabi. Maaari kayong magtanong, magbayad, at maki-pag-usap sa amin tungkol sa mga opsyon sa pagbabayad.
- Mayroon kaming mga Customer Service Center sa buong lungsod para mabayaran niyo nang personal ang inyong bayarin.

- Mayroon kaming mga customer service counter na maaari ninyong bisitahin. Makakakuha kayo ng tulong sa mga pagbabayad at sagot sa inyong mga tanong sa ikaapat na palapag ng Seattle Municipal Tower sa downtown Seattle.

Nangangako kaming suportahan kayo ng mga mapagkukuhaan ng kaalaman na madaling maakseso at maunawaan.

Ipinagdiriwang namin ang pagkakaiba-iba ng aming rehiyon at nais naming tumulong sa paraang pinakamainam para sa inyo. Nangangahulugan ito ng pagbibigay ng tulong sa maraming wika at mga ayos na nakakatugon sa inyong mga pangangailangan.

- Nag-aalok kami ng tulong sa maraming wika sa aming pag-tulong sa utility bill at mga webpage ng Utility Discount Program.
- Nagbibigay kami ng mga naisalin na materyal at serbisyo ng pagsasalin nang walang bayad mula sa inyo. Maaari kayong tumawag sa (206) 684-3000 sa mga karaniwang araw mula 7:30 ng umaga hanggang 6:00 ng gabi upang makipag-usap sa isang tagapag-salin nang libre.
- Mayroon kaming tulong na maaraing magamit para sa mga bingi o may hirap sa pagdinig na mga kostumer. Maaari kayong tumawag sa 711 at pagkatapos ay ipasok ang (206) 684-3000.

Nangangako kami sa paglilingkod sa inyo nang responsable at malinaw na walang tinatago.

Narito kami upang bigyan kayo ng malinaw na impormasyon tungkol sa inyong mga bayarin at aming mga serbisyo. Nangangako kaming maayos na pamamahala ng inyong salapi at gagawing maaring makuha ang impormasyong iyon.

- Ipinapakita namin kung paano namin ginagamit ng responsable ang mga pondo ng nagbabayad ng rate sa aming mga taunang ulat.
- Isinasama namin ang impormasyon ng halaga at paggastos sa mga bill ng kostumer.
- Sinasabi namin sa inyo ang tungkol sa mga pagbabago sa rate at pangunahing balita gamit ang mga pasingit sa bill at iba pang mga mensahe.
- Nagbibigay kami sa inyo ng mga tinantyang mga kronolohiya para sa serbisyo upang matulungan kayong magplano.

Nangangako kami sa pagbuo at pagpapanatili ng isang magalang, kapaki-pakinabang na relasyon sa inyo.

Ang aming layunin ay maging isang kasosyo na mapagkakatiwalaan ninyo. Sinusuportahan at inaasahan namin ang ligtas, magalang na pagtrato sa isa't isa. Sama-sama, ang ating buong komunidad ay maaaring umunlad.

Nangangako kaming maging malinaw, matulungin, at magalang sa bawat hakbang. Tinatanggap namin ang feedback upang mapabuti ang aming mga serbisyo. Kung kailangan ninyo ng tulong o may mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan. Nandito kami para sa inyo.



[Seattle.gov/utility-commitments](https://seattle.gov/utility-commitments)